


ACTIVITY

A. Tulungan si Ruth na makarating sa bukid ni Boaz



B. Sagutin ang mga tanong.

1. Anong tanyag na pagpapahayag ng katapatan ang ginawa ni Ruth kay Naomi?

2. Anong ang magandang bagay ang natutuhan ni Ruth kay Naomi?

3. Paano ginabayan at ipinagkaloob ng Diyos ang pangangailangan nila Naomi at Ruth ?

4. Paano naging pagpapala sa isa't-isa sina Naomi at Ruth?

5. Ano ang mahalagang bunga ng pagsama ni Ruth kay Naomi?

Ginabayan ng Diyos si Naomi at ang kanyang pamilya noong lumipat sila sa Moab. Naglaan ang Diyos ng pagkain, at napangasawa ng kanyang anak si Ruth. Bagamat namatay ang kanilang mga asawa, ito ay niloob ng Diyos upang sila ay bumalik sa Bethlehem. Ang pagsama ni Ruth kay Naomi ay patunay ng maganda nilang relasyon at pagkakakilala niya sa Diyos sa pamamagitan ni Naomi. Sa kanilang pagbabalik, ang Diyos ang patuloy na naglaan at nagkaloob sa kanila ng pangagailangan nila at pinagkaloob ng Diyos ang panibagong buhay kay Ruth. Noon pa man ay bahagi na ito ng Kanyang plano. Ang pagtitiwala nila sa Diyos at pagpapakita ng pagmamahal at tapat na kalooban sa isa't-sa ay tunay naging malaking pagpapala sa kanila.



C. Basahin ang sitwasyon at sagutin ang mga tanong.

Isang araw, napansin ni Sarah si Emily, na isang transfer student, ay hindi sinasama ng ibang mga kaklase tuwing recess. Sa kabila ng pakiramdam na huwag makialam at sumama na lang sa iba pang mga bata, naalala ni Sarah ang kuwento nina Naomi at Ruth at ang pangaral ng magulang na pakitunguhan ang iba ng may pag-ibig at maging tapat na kaibigan sa iba.

Kinaibigan ni Sarah si Emily. Minsan magkasamang naglalaro ang bagong magkaibigan nang oras ng recess nang mapansin nila ang isang grupo ng mga kaklase na nag-uusap at nagtatawanan malapit sa kanila.

Sarah: "Emily, nakikita mo ba kung ano ang ginagawa nila doon?"

Emily: (nag-aalalang tinitingnan ang paligid) "Oo, pinag-uusapan at pinagtatawanan nila ako..."

Sarah: (hawak ang kamay ni Emily) "Huwag kang mag-alala, Emily. Magkasama tayo."

Habang patuloy silang naglalaro, lumapit sa kanila ang isa sa mga kaklase na nang-aasar at pinagtatawanan si Emily.

Kaklase: (nakangisi) "Emily, bakit hindi ka na lang makipaglaro sa iba? Hindi ka naman namin gusto dito."

Sarah: (naglalakad nang maingat) "Hi guys! Naglalaro kami ni Emily. Gusto n'yo sumali?"

Biglang lumayo ang mga kaklase at napahiya sa hindi nila maayos na pakitungo kay Emily.

Tumingin si Emily kay Sarah na puno ng pasasalamat, na nararamdaman ang suporta at pagtanggap.

Emily: (ngumingiti) "Salamat, Sarah. Masaya ako na ikaw ang kaibigan ko."

Sarah: (ngumingiti rin) "Walang anuman, Emily. Masaya rin akong maging kaibigan ka. Hayaan mo na lang muna sila, makikilala rin nila ikaw pag tagal."

Naging matalik na magkaibigan sina Sarah at Emily na patuloy na nagpapalakas sa isa't isa. Batid nila na ang tunay na pagkakaibigan ay nangangahulugan ng pagtatanggol sa isa't isa sa tamang paraan, at magkasamang humaharap sa anumang mga hamon ng buhay.

Mga tanong:

1. Ano ang naisip ni Sarah nang makita niya ang grupo ng mga kaklase na nag-uusap at nagtatawanan malapit sa kanila?

2. Bakit nag-aalala si Emily nang makita ang grupo ng mga kaklase?

3. Ano ang naging tugon ni Sarah nang lumapit ang isa sa mga kaklase nila na nagtatawa kay Emily?

4. Ano ang matutunan mo tungkol kay Sarah sa kwentong ito?

5. Kung ikaw si Sarah, kakaibiganin mo rin ba si Emily? Bakit?

Sa kwento ng magkaibigang Sarah at Emily matutuhan natin mga bata kung paano isinabuhay ni Sarah ang kanyang natutuhan sa kwento nila Naomi at Ruth pati na rin ang pangaral ng kanyang mga magulang. Makikita natin ang kahulugan ng pagiging tunay na kaibigan, ang pagtatanggol sa isa't isa, lalo na sa panahon ng mga hamon, at kung paanong ang kanilang mga kilos ay maaaring magdulot ng positibong pagbabago sa buhay ng iba. Ito ay nagbibigay sa kanila ng lakas ng loob na kumilos nang may kabutihan, pagkaunawa, at katapatan sa iba.



D. Memory Verse

Magtulungan kayo sa pagbuhat ng pasanin ng bawat isa. Sa gayong paraan ay matutupad ninyo ang kautusan ni Cristo. **Galacia 6:2**

